JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*


# 4

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 2:
## Balangkas o Istruktura ng Ating Pamahalaan



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Pangkat: ______________________________

Pangalan ng Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jenelyn B. Tabacon T-1

**Editor:** Mario D. Deldacan MT-II

**Tagasuri:** Roberto P. Cañales Jr. T-3

**Tagaguhit:** Jenelyn B. Tabacon T-1

**Tagalapat:** Roberto P. Cañales Jr. T-3
Michelle U. Astillero T-1

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS-LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS-Araling Panlipunan



# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Nasusuri ang balangkas o istruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.



# Balikan

**Panuto:** Isulat ang **T** kung tama ang isinasaad ng pangungusap tungkol sa pamahalaan at **M** naman kung mali at isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Nagbibigay ng libreng serbisyo tulad ng libreng edukasyon at libreng pagpapagamot sa pampublikong ospital.

2. Ang namamahala at tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan.

3. Pinaglilingkuran lamang ang mga malalapit na kaibigan.

4. Nagpapatupad ng batas upang mapangalagaan ang kapayapaan at kaayusan ng bansa.

5. May mga pinuno na gumaganap ng iba't ibang tungkulin.

6. Mahalaga ang pamahalaan sa pag-unlad at pagsulong ng pamumuhay.

7. Ang mga kakilala lamang ang binibigyan ng proyektong pabahay.

8. Naglulunsad ng programang *illegal logging*.

9. Nagpapagawa ng mga kalsada at tulay upang makarating sa liblib na mga pook.

10. Nagbibigay ng programang pangkabuhayan sa mga magsasaka lamang.

| **Aralin 1** | **Balangkas o Istruktura ng Ating Pamahalaan** |
| --- | --- |



# Tuklasin

Ano kaya ang ipinapakita sa larawan? Ano kaya ang sinisimbolo nito?



Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

## Ang Pambansang Pamahalaan

Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan. Ang pamahalaan ng Pilipinas, na siya ring pambansang pamahalaan, ay isang uri o sistemang presidensiyal at demokratiko. Pinamumunuan at pinamamahalaan ito ng isang Pangulo na siyang puno ng bansa, katuwang ang pangalawang pangulo. Ang Palasyo ng Malacañang ang nagsisilbing tahanan ng pangulo ng bansa.

Saklaw ng pambansang antas ng pamahalaan ang buong bansa at binubuo ng tatlong magkakaugnay na mga sangay: ang tagapagbatas, tagapagpaganap, at tagahukom. Tinatawag din ang mga sangay na ito na lehislatibo, ehekutibo, at hudikatura.

### Sangay na Tagapagbatas o Kongreso

Ito ang gumagawa ng mga batas ng bansa. Binubuo ito ng dalawang kapulungan: ang mataas na kapulungan o Senado at mababang kapulungan o Kapulungan ng mga Kinatawan. Nakasalalay rin sa Kongreso ang pagsasagawa ng mga imbestigasyon at pananaliksik para makatulong sa kanilang mga gagawing batas. Ito rin ang nagsasaysay na ang bansa ay nasa estado ng pakikipagdigmaan. Sa ganitong kalagayan, maaaring pagkalooban ng Kongreso ang Pangulo ng kapangyarihan para maisakatuparan ang mga pambansang patakaran. Ang pambansang badyet ay dumadaan din sa pagsusuri ng sangay na ito.

Espesyal na kapangyarihan ng Senado ang pagpapatibay ng mga kasunduan ng Pilipinas sa ibang bansa at ang kapangyarihan naman sa pagsampa ng kasong *impeachment* o

pagkatanggal sa puwesto ng mataas na opisyal ay sa Kapulungan ng mga Kinatawan.

**Sangay na Tagapagpaganap**

Ang tumitiyak na ang mga batas na ginawa ng Kongreso ay naipatutupad upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan. Ito ay pinamumunuan ng Pangulo at kaagapay niya ang mga Gabinete sa pagpapatupad ng batas. Batay sa Konstitusyon, ang Pangulo, alinsunod sa pagsang-ayon ng Komisyon sa Paghirang, ang may kapangyarihang humirang ng mga puno ng mga kagawaran, embahador, konsul, colonel sa sandatahang lakas at iba pang opisyal ayon sa isinasaad sa Konstitusyon.

Maaaring iatas ng Pangulo bilang komander ng sandatahang lakas ng bansa ang pagsupil sa anumang karahasan, pananalakay, o paghihimagsik; at isailalim ang bansa sa batas.

Taglay rin ng Pangulo ang *veto power* o ang kapangyarihang tanggihan ang isang panukalang batas na ipinasa ng Kongreso. Siya rin ang pumipili ng punong mahistrado ng Korte Suprema, gayundin sa mababang hukuman, mula sa talaan ng *Judicial Bar Council.*

**Sangay na Tagapaghukom**

Ang sangay na nagbibigay interpretasyon ng batas.

Ang kapangyarihang panghukuman ay nasa ilalim ng Kataas-taasang Hukuman o Korte Suprema at mababang hukuman. Sa Korte Suprema dumudulog ang sinumang tao na hindi sumasang-ayon sa anumang desisyon ng mababang hukuman, maging ang dalawang sangay ng pamahalaan kung may tanong tungkol sa legalidad ng batas.

Mahalaga para sa isang bansa ang isang pambansang pamahalaan dahil ito ang nangunguna sa pagbabalangkas ng pamamaraan ng pamamalakad at pamamahala sa bansa. Ito ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa mga nasasakupan nito. Tinitiyak din nito na ang karapatan ng mga mamamayan ay napangangalagaan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyong pangkabuhayan, pangkalusugan, pangkultura, pansibil, at pampolitika.

## Ang Pamahalaang Lokal

Ang pamahalaang lokal ayon sa itinatadhana ng Batas Republika Blg. 7160 ay binubuo ng mga lalawigan, lungsod, bayan, at barangay. Ang lalawigan ay pinamumunuan ng inihalal na gobernador at bise gobernador. Ang lalawigan ay kailangang may sukat na 2 000 kilometro kuwadrado o higit pa, may di kukulangin sa 250 000 mamamayan, at may kakayahang kumita ng hindi bababa sa 20 milyong piso bawat taon.

Ang alkalde at bise alkalde ang namumuno sa lungsod o bayan katulong ang mga empleyado na hinirang ng alkalde. Ang barangay ay nasa pamumuno ng kapitan ng barangay. Ang isang lungsod ay dapat may sukat ng lupa na aabot o higit pa sa 100 kilometro kuwadrado, may 150 000 bilang ng taong naninirahan, at taunang kita na di bababa sa 20 milyong piso. Ang isang bayan naman ay dapat may sukat ng lupa na 50 kilometro kuwadrado, 25 000 bilang ng taong naninirahan, at taunang kita na 2.5 milyong piso.

Ang sangguniang panlalawigan, sangguniang panlungsod, sangguniang pambayan, at sangguniang pambarangay ay mga sangay na lehislatibo sa local na antas ng pamahalaan. Gawain ng mga ito ang pagbuo ng mga ordinansa para sa nasasakupan. Ang Pangulo ang may pangkalahatang pangangasiwa sa mga pamahalaang lokal sa pamamagitan ng Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan o *Department of the Interior and Local Government (DILG).*



# Suriin

*Panuto :Sagutin mo ang mga tanong para masukat ang iyong pag-unawa sa binasa.*

Tiyakin ang gawain ayon sa pamantayan sa *rubric.*

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naglalaman ng wastong impormasyon. | May isa o dalawang mali sa mga ibinigay na datos o impormasyon. | May ilang mali sa mga ibinigay na datos o impormasyon. | Karamihan sa ibinigay na datos o impormasyon ay mali. |
| Kasagutan | Sapat ang sagot sa tanong. | May kulang sa sagot sa tanong. | Maraming kulang sa sagot sa tanong. | Hindi nasagot ang tanong. |
| Paghihikayat | Nakahihikayat nang lubos ang isinulat. | Nakahihikayat ang isinulat. | Bahagyang nakahihikayat ang isinulat. | Hindi nakahihikayat ang isinulat. |

1. Ano ang dalawang antas ng pamahalaan?

**Sagot:**____________________________________________

2. Ano ang mga kapangyarihan ng tatlong sangay ng pambansang pamahalaan?

**Sagot:**____________________________________________

3. Ano ang saklaw ng kapangyarihan ng pambansang pamahalaan?

**Sagot:**____________________________________________

4. Ano ang bumubuo sa pamahalaang lokal ayon sa itadhana ng Batas Republika Blg. 7160?

**Sagot:**____________________________________________



# Pagyamanin


**Panuto:** Base sa napag-aralan punan ng hinihinging impormasyon ang tsart. Itala ang mga kuwalipikasyon para maituring na isang pamahalaang lokal ang sumusunod. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| Pamahalaang Lokal | Kita | Populasyon | Sukat ng Lupa |
|---|---|---|---|
| 1. Lalawigan | | | |
| 2. Lungsod | | | |
| 3. Bayan | | | |



# Gawain


**Gawain A. Panuto:** Kopyahin ang dayagram sa inyong kuwaderno. Itala sa loob ng kahon ang kapangyarihang taglay ng bawat sangay.



**Gawain B. Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang **/ (tsek)** kung tama ang ipinapahayag ng bawat pangungusap at **x (ekis)** kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Nasasakupan ng pambansang pamahalaan ang buong bansa.
2. May dalawang sangay ang pambansang pamahalaan ng Pilipinas.
3. Ang sangay na tagapagbatas ay binubuo ng mga piling hurado.
4. Saklaw ng pamahalaang lokal ang buong bansa.
5. Ang sangay na tagapaghukom ay kinabibilangan ng mga mambabatas.

**Gawain C. Panuto:** Kopyahin ang dayagram sa inyong kuwaderno. Itala sa loob ng maliliit na bilog ang kahalagahan ng pambansang pamahalaan.





# Isaisip

**Panuto:** Base sa iyong natutunan, punan mo ang mga salaysay sa ibabang bahagi upang makompleto ito. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| tagapagbatas | Pangulo | tagapagpaganap |
| lalawigan | tagapagpaghukom | lungsod o bayan |
| barangay | | bansa |

Sa araw na ito, natutunan ko na ang Pilipinas ay may pambansang pamahalaan na pinamumunuan ng 1. ___________. Ito ay binubuo ng tatlong sangay ang 2. _________________, 3. _________________, at 4. _________________. Saklaw naman ng pamahalaang lokal ang mga 5. ___________, 6. ________________, at 7. ___________________.



# Tayahin

**GAWAIN A**

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Anong sangay ng pamahalaan ang nagpapatupad ng mga batas?

   A. Tagapaghukom C. Tagapaganap
   B. Tagapagbatas D. Tagapagsalaysay

2. Ito ang tinatawag na kongreso ng ating bansa na siyang gumagawa ng mga batas. Anong sangay ito?

   A.Tagapaghukom C. Tagapaganap
   B.Tagapagbatas D. Tagapagsalaysay

3. Anong sangay naman ang nagbibigay-kahulugan sa mga batas ng bansa?

   A. Tagapaghukom
   B. Tagapagbatas
   C. Tagapaganap
   D. Tagapagsalaysay

4. Alin sa sumusunod ang HINDI napabilang sa mga pakinabang sa kahalgahan ng pamahalaan?

   A. Nangunguna sa pagbalangkas ng pamamaraan sa pamamalakad ng bansa.
   B. Nagpapatupad ng programa at proyekto para sa mamamayan
   C. Dumarami ang pulubi
   D. Tinitiyak na maunlad ang ekonomiya ng bansa.

5. Bakit mahalaga ang pamahalaan?

   A. Dahil ito ay nagbibigay ng libreng pagkain araw-araw.
   B. Dahil ito ay nakatutulong sa ating kabuhayan.
   C. Dahil ito ang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa para sa nasasakupan.
   D. Dahil ito ang nagbubuklod natin bilang mga Pilipino.

**GAWAIN B**

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagsasabi ng katotohanan at **MALI** kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_______1. Tinitiyak ng pambansang pamahalaan ang kapakanan ng mga mamamayan nito maging yaong nasa ibang bansa.

_______2. Ang antas ng pamahalaan ay nahahati sa dalawa: ang lokal at pambansang antas.

_______3. Ang Pangulo sa pamamagitan ng *veto power* ay may kapangyarihang tanggihan ang isang panukalang batas na ipinasa ng Kongreso.

_______4. Ang Pangulo ang may pangkalahatang pangangasiwa sa mga pamahalaang lokal sa pamamagitan ng Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan.

_______5. Tinitiyak ng sangay na tagapagpaganap na maipatutupad ang mga batas na ginawa ng Kongreso upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Tukuyin kung **pambansa** o **lokal** na antas ng pamahalaan ang may saklaw ng sumusunod na mga sitwasyon. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

_______________ 1. ugnayang panlabas

_______________ 2. koleksiyon ng basura

_______________ 3. mga asong pagala-gala

_______________ 4. pagpapatayo ng paaralan

_______________ 5. pagkakaroon ng bakuna kontra *Covid-19*

# Susi sa Pagwawasto

## GAWAIN

## GAWAIN A

**Kapangyarihan ng Tatlong Sangay ng Pamahalaan**

- Sangay na Tagapagpaganap
  - Nagpapatupad ng batas
- Sangay na Tagapagbatas
  - Gumagawa ng mga batas ng bansa
- Sangay na Tagapaghukom
  - Nagbibigay interpretasyon ng batas

## PAGYAMANIN

| Pamahalaang Lokal | Kita | Populasyon | Sukat ng Lupa |
|---|---|---|---|
| 1. Lalawigan | hindi bababa sa 20 milyong piso | di kukulangin sa 250 000 mamamayan | 2 000 kilometro kuwadrado o higit pa |
| 2. Lungsod | hindi bababa sa 20 milyong piso | 150 000 mamamayan | 100 kilometro kuwadrado o higit pa |
| 3. Bayan | 2.5 milyong piso | 25 000 mamamayan | 50 kilometro kuwadrado |

## TAYAHIN

**GAWAIN A**

1. C
2. B
3. A
4. C
5. C

**GAWAIN B**

1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. TAMA


## ISAISIP

1. Pangulo
2. tagapagbatas
3. tagapagpaganap
4. tagapaghukom (para sa bilang 2-4, puwedeng magpalit-palit ng bilang ang sagot)
5. lalawigan
6. lungsod o bayan
7. barangay (para sa bilang 5-7, puwedeng magpalit-palit ng bilang ang sagot)

## BALIKAN

1. T
2. T
3. M
4. T
5. T
6. T
7. M
8. M
9. T
10. M

## GAWAIN C




## GAWAIN B

1. /
2. X
3. X
4. X
5. X

# *Sanggunian*

Araling Panlipunan 4: Kagamitan ng Mag-aaral, pp. 228-241, Vibal Group,Inc. 2015

Araling Panlipunan 4: Patnubay NG guro, pp. 109-113, Vibal Group,Inc. 2015

Larawan ng Palasyo ng Malakanyang
https://bit.ly/3hO2aQV

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.